

MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2023 THANKSGIVING BLENDING CONFERENCE

Dapat tayong magtuon kay Kristo bilang ating bukod tanging sentrong itinakda ng Diyos,
hindi sa anumang mga tao, mga bagay, o mga usapin maliban kay Kristo;
para sa lahat ng mga suliranin, lalo na ang bagay ng pagkakabaha-bahagi,
ang tanging solusyon ay ang pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo.

Ang pagtatamasa sa Panginoon ay may maraming aspeto—
ang kagalakan ng presensya ng Panginoon, ang kagalakan ng pamumuhay sa loob ng dibinong romansa,
ang kagalakan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad,
ang kagalakan ng pag-inom ng ilog ng mga kaluguran ng Diyos,
ang kagalakan ng pagkaalam sa pag-ibig ng Diyos,
ang kagalakan ng paggawa sa kalooban ng Diyos,
ang kagalakan ng kasiyahan sa lahat ng sirkumstansya,
at ang pagpasok sa kagalakan ng Panginoon sa kaharian.

Ang talá ng buhay ni Jose ay isang pahayag ng pamumuno ng Espiritu,
sapagkat ang pamumuno ng Espiritu ay ang paghaharing aspeto ng isang gumulang na banal;
ang pumumno ng Espiritu (isang buhay ng naghahari sa buhay, na nasa ilalim ng restriksyon
limitasyon ng dibinong buhay sa realidad ng kaharian ng Diyos)
ay mas mataas kaysa sa ibang aspeto ng Espiritu.

Ang kagalakang inilagak sa harapan natin ay ang Panginoong Hesus, ang Kasintahang Lalaki,
na dumarating para sa Kanyang kasintahang babae, na ginawang handa ang kanyang sarili —
ang paggulang ng kasintahang babae, ang pagtatayo ng kasintahang babae, ang katuwiran ng kasintahang babae,
ang kagandahan ng kasintahang babae, at ang kasintahang babae bilang isang mandirigma upang talunin ang
kaaway ng Diyos.

**Balangkas ng mga Mensahe
para sa Thanksgiving Blending Conference
Nobyembre 23-26, 2023**

**PANGKALAHATANG PAKSA:
ANG PAGTATAMASA KAY KRISTO
AT ANG ATING PAGLAGO SA BUHAY TUNGO SA PAGGULANG**

Mensahe Isa

**Ang Pagtatamasa sa Nagpapaloob ng Lahat na Kristo
bilang ang Bukod Tanging Solusyon sa Lahat ng mga Suliranin sa Ekklesia**

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cor. 1:2, 9; 2:9-10; 13:1-8; Jer. 2:13; Pan. 3:22-24

- I. Ang 1 Corinto ay isang aklat ng pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang bukod tanging solusyon sa lahat ng mga suliranin sa ekklesia; ang intensyon ng Diyos sa Kanyang pagbabawi ay ang bawiin si Kristo bilang ang bukod tanging sentro ng ekonomiya ng Diyos at bilang lahat-lahat sa atin bilang ating bahagi para sa ating pagtatamasa—1:2, 9, 24, 30:**
- A. Tayong lahat ay tinawag tungo sa pagsasalamuha, sa pagtatamasa, kay Kristo (b. 9); kinabibilangan ng salitang *pagsasalamuha* ang kaisipang pagtatamasa; si Kristo ang ating itinalagang bahagi na ibinigay sa atin ng Diyos para sa ating pagtatamasa (b. 2; Col. 1:12).
 - B. Ang intensyon ni apostol Pablo sa 1 Corinto ay ang lutasin ang mga suliranin sa Corinto; para sa lahat ng mga suliranin, lalo na ang bagay ng pagkakabaha-bahagi, ang tanging solusyon ay ang pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo.
 - C. Dapat tayong tumutok kay Kristo, hindi sa anumang mga tao, mga bagay, o mga usapin maliban kay Kristo; dapat tayong magtuon kay Kristo bilang ating bukod tanging sentrong itinakda ng Diyos upang ang lahat ng mga suliranin sa gitna ng mga mananampalataya ay malutas—1:9; Col. 1:17b, 18b.
 - D. Ang ating gol ay ang lubusang pagtatamasa kay Kristo at ang lubusang pagtatamo kay Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo; ito ay magreresulta sa ating pagkakaroon ng sukdulang pagtatamasa kay Kristo bilang ating premyo sa mileniyong kaharian—Fil. 3:14; Mat. 25:21, 23.
 - E. Kailangan nating maging mga nag-iisip ng “isang bagay”; ang *isang bagay* sa Filipos ay tumutukoy sa subhektibong kaalaman, karanasan, at pagtatamasa kay Kristo; ang isang bagay ay ang paghahabol kay Kristo upang matamo Siya at maangkin Siya—2:2, 5; 1:20-21; 3:7-14; 4:13.
 - F. Ang mag-isip ng ibang bagay maliban sa isang bagay ay ang magrebelde laban sa ekonomiya ng Diyos; ang ekonomiya ng Diyos ay yaong isipin natin ang isang bagay; sa buhay ekklesia kailangan nating tulungan lahat ng mga banal na isipin ang isang bagay; ang ating mga pag-iisip ay dapat nakapokus at mapunuan ng pagtatamasa kay Kristo para sa buhay ekklesia, ang buhay Katawan.
 - G. Inihahayag ng 1 Corinto na ibinigay ng Diyos ang nagpapaloob ng lahat na Kristo, kalakip ang mga kayamanang di bababa sa dalawampung aytem, sa atin bilang ating bahagi para sa ating pagtatamasa; ang sikreto ng buhay Kristyano at ng buhay ekklesia ay ang tamasahin natin si Kristo—1:9:
 - 1. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang bahaging ibinigay sa atin ng Diyos—b. 2.
 - 2. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang kapangyarihan ng Diyos at karunungan ng Diyos bilang katuwiran, pagpapabanal, at katubusan sa atin—bb. 24, 30.
 - 3. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang Panginoon ng kaluwalhatian, maging bilang ang Hari ng kaluwalhatian, para sa ating pagluluwalhati—2:7-8; Roma 8:30; Aw. 24:6-10.
 - 4. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang mga kalaliman (mga malalim na bagay) ng Diyos—1 Cor. 2:10.

5. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang bukod tanging pundasyon ng pagtatayo ng Diyos—3:11.
6. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ating Paskua (5:7), ang tinapay na walang lebadura (b. 8), ang espirituwal na pagkain, ang espirituwal na inumin, at ang espirituwal na bato (10:3-4).
7. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang Ulo (11:3; Col. 2:19; Efe. 1:19-23) at ang Katawan (1 Cor. 12:12, 24-25a; Efe. 4:15-16).
8. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang mga unang bunga (1 Cor. 15:20, 23), ang ikalawang tao (b. 47), at ang huling Adam, na naging ang Espiritung nagbibigay buhay (b. 45), upang maging lahat-lahat sa atin.

II. Ang Diyos ay tapat sa pagtawag sa atin tungo sa pagsasalamuha, tungo sa pagtatamasa, ng Kanyang Anak, subalit maraming pagkakataon ay hindi tayo tapat sa Kanyang pagtawag sa atin tungo sa Kanyang intensyon—1:9; Jer. 2:13; Pan. 3:22-24:

- A. Ang intensyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay upang maging ang bukal, ang pinagmumulan, ng mga buháy na tubig upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin para sa ating kasiyahan at pagtatamasa; ang gol ng pagtatamasang ito ay upang ibunga ang ekklesia, ang kapareha ng Diyos, bilang ang paglaki ng Diyos, ang paglawak ng Diyos, upang maging ang kapuspusan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Juan 3:29-30; Efe. 3:16-19, 21.
- B. Ang tanging paraan upang kunin ang Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig ay ang inumin Siya at ipadaloy Siya araw-araw; hinihilingan tayo nito na patuloy na tumawag sa Panginoon (na may pag-awit, pagpapasalamat, pagkagalak, pananalangin, pagpuri, at pinaalam ang mga nagliligtas na gawa ng Diyos sa iba)—Aw. 36:8-9; Isa. 12:3-6; 1 Cor. 12:13; Juan 7:37-39; 4:10, 14; Roma 10:12-13; 1 Tes. 5:16-18.
- C. Sa halip na tamasahin ang Diyos sa pamamagitan ng pag-inom sa Kanya, ang bayan ng Diyos ay naging di-tapat sa Kanya sa paggawa ng dalawang kasamaan—“Ang Aking bayan ay gumawa ng dawalang kasamaan: / Kanilang tinalikdan Ako, / Ang bukal ng mga tubig na buháy, / Upang maghukay para sa kanilang mga sarili ng mga balon, / Mga sirang balon, / Na hindi malalamnan ng tubig”—Jer. 2:13:
 1. Una, ang bayan ng Diyos ay tumalikod sa Diyos bilang kanilang bukal, ang kanilang pinagkukunan, para sa kanilang pagtatamasa; ikalawa, bumaling sila sa ibang pinagkukunan maliban sa Diyos na hindi makasisiya sa kanila o magagawa silang ang paglawak ng Diyos bilang Kanyang kapuspusan para sa Kanyang kahayagan.
 2. Ang paghuhukay ng mga balon ay naglalarawan sa pagpapagal ng Israel sa kanilang pantaong pagpapagal upang gumawa ng isang bagay (mga diyus-diyosan) upang halinhan ang Diyos; na ang mga balon ay sira at hindi malalaman ng tubig ay nagpapahiwatig na maliban sa Diyos na naipamahagi tungo sa atin bilang ang tubig na buháy para sa ating pagtatamasa, walang makatitighaw sa ating kauhawan at gawin tayong paglaki ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Juan 4:13-14.
- D. Ang masamang kundisyon ng kasamaan ay yaong hindi sila dumudulog sa Panginoon upang kumain, uminom, at tamasahin ang Panginoon; marami silang mga ginagawang bagay, hindi sila lumalapit upang kaugnayin ang Panginoon upang kunin Siya, upang tanggapin Siya, upang tikman Siya, at upang tamasahin Siya; sa paningin ng Diyos walang mas masama kaysa dito—Isa. 57:20; cf. 55:1-2, 6-7.
- E. Bagamat tayo ay di-tapat, ang Diyos ay tapat, subalit ang Kanyang katapatan ay hindi ayon sa ating natural na pagkaunawa o konsepto:
 1. Ang Diyos ay tapat upang alisin ang ating mga diyus-diyosan; anumang nasa loob natin na higit kaysa sa ating Panginoon o hinahalinhan ang Panginoon sa ating buhay ay isang diyus-diyosan—Ezek. 14:3; 1 Juan 5:21.

2. Ang ating panlabas na kapayapaan sa ating kapaligiran, ang ating personal na kaaliwan at katiwasayan, at ang ating mga ari-arian ay maaaring maging mga diyus-disyosan sa atin upang iligaw tayo; subalit ang Diyos ay tapat upang kunin ang lahat ng mga ito upang inumin natin Siya bilang ang bukal ng mga tubig na buháy.
3. Ang Diyos ay tapat sa pagpapahintulot sa atin na magkaroon ng mga kaguluhan upang matutuhan nating huwag magtiwala sa ating mga sarili kundi sa Kanya at upang Kanyang mapangunahan tayo tungo sa Kanyang ekonomiya upang tamasahin natin si Kristo, upang sipsipin si Kristo, upang inumin si Kristo, upang kainin si Kristo, at upang asimilahin si Kristo upang ang Diyos ay lumaki sa atin upang tuparin ang Kanyang ekonomiya—Jer. 17:7-8; 2 Cor. 1:8-9; Juan 16:33; 1 Cor. 10:3-4; 12:13.
4. Hindi interasado ang Diyos sa anumang bagay maliban sa ating pagtatamasa kay Kristo; maaaring isipin natin na dahil sa ating kabiguan, tayo ay walang pag-asa, subalit sa Diyos ay walang kabiguan; ang ating kabiguan ay nagbubukas lamangng daan upang makapasok si Kristo upang maging lahat-lahat sa atin, binibigyang kakayahan Siya na dalhin tayo sa pagkagulang—Roma 8:28-29; Heb. 6:1a; Gen. 37:1 at talababa; 47:7 at talababa.

III. Inihahayag ng 1 Corinto na ang paraan upang tamasahin ang Panginoon ay ang ibigin Siya (2:9-10; 16:22) at ibigin ang isa't isa (13:1-8a); ang pagbabawi ng Panginoon ay isang pagbabawi ng pag-ibig sa Pangioong Hesus ng Kanyang unang pag-ibig (Apoc. 2:4; 1 Juan 4:19) at ng pag-ibig sa isa't isa para sa pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo (Efe. 4:16):

- A. Ang ating pag-ibig sa Panginoon ay ang pangangailangand di-maaaring mawala upang makapasok tayo sa Kanyang puso at maunawaan ang lahat ng sikreto nito at para sa ating pagkatanto at pakikibahagi sa mga malalim at natatagong bagay na itinalaga at inihanda ng Diyos para sa atin—1 Cor. 2:9-10; Mat. 22:37-38; Aw. 73:25; 116:1-2:
 1. Ang nilalaman ng buhay ekklesia ay nakadepende sa pagtatamasa kay Kristo; lalo natin Siyang tinatamasa, lalong magiging mayaman ang nilalaman; subalit ang tamasahin si Kristo ay humihiling na ibigin natin Siya ng uang pag-ibig—Apoc. 2:4-5, 7.
 2. Ang pagbaba ng ekklesia ay nagsisimula sa ating pag-iwan ng unang pag-ibig sa Panginoon; ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang pinakamainam na pag-ibig, ay ang bigyan ang Panginoon ng pangunahin puwesto, ang unang lugar, sa lahat ng bagay, na pinipilit ng Kanyang pag-ibig upang ituring at kunin Siya bilang lahat-lahat sa ating buhay—bb. 4-5; Col. 1:18b; 2 Cor. 5:14-15; Marc. 12:30; Aw. 73:25-26.
 3. Ang mismong buhay na natanggap natin nang tayo ay sumampalataya sa Panginoong Hesus ay isang persona, at ang tanging paraan upang iaplay at tamasahin ang personang ito ay sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kanya ng unang pag-ibig; yamang ang Pangioong Hesus bilang ating buhay ay isang persona, kailangan natin ang isang bagong paghipo sa Kanya upang tamasahin ang Kanyang kasalukuyang presensya sa mismong sandaling ito at araw-araw—Juan 11:25; 14:5-6; 1 Tim. 1:14; Juan 14:21, 23; 2 Cor. 5:14-15; Apoc. 2:4-7; Col. 1:18b; Roma 6:4; 7:6.
 4. Dapat tayong maging mga taong binabaha ng pag-ibig ni Kristo; ang dibinong pag-ibig ay dapat maging gaya ng rumaragasang alon ng malaking karagatan patungo sa atin, tinutulak tayo na mabuhay sa Kanya at ibigin Siya nang lubusan na lampas sa ating sariling kontrol—2 Cor. 5:14.
 5. Upang ibigin ang Panginoon nang lubusan, kailangan nating maging yaong nagnanais at naghahanap na manahan sa bahay ng Diyos sa buong buhay natin, upang masdan ang Kanyang kagandahan (ganda, pagiging kaaya-aya, kaluguran), at sumangguni sa Diyos sa Kanyang templo; ang sumangguni sa Diyos ay ang magtanong sa Diyos hinggil sa lahat ng bagay sa ating pang-araw-araw na buhay—Aw. 27:4.

- B. Ang pag-ibig ay ang pinakaekselenteng paraan upang tayo ay maging anuman o gumawa ng anuman para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:31b—13:8, 13; cf. 14:1, 3, 4b:
1. “Ang kaalaman ay nagpapalalo, subalit ang pag-ibig ay nagtatayo”; maaaring makinig tayo sa mga mensahe ng ministeryo at maging palalo sa kaalaman lamang—8:1b; cf. 2 Cor. 3:6.
 2. Kapag ang kautusan ng Espiritu ng buhay bilang ang kautusan ng pag-ibig (Roma 8:2; Gal. 6:2-3) ay pinagana sa loob natin, ang ating pagpapagal sa Panginoon ay isang pagpapagal ng pag-ibig (1 Cor. 15:58; 1 Tes. 1:3), kung saan sinusuportahan at sinusustina natin ang mga mahina (Gawa 20:35; 1 Tes. 5:14); *ang mga mahina* ay tumutukoy sa mga mahina alinman sa kanilang espiritu o kaluluwa o katawan, o mga mahina sa pananampalataya.
 3. Ang Kristong iniibig natin ay ang Kristong umiibig sa ekklesia (Efe. 5:25); kapag iniibig natin Siya, iibigin natin ang ekklesia gaya ng ginagawa Niya; ang buhay ekklesia ay isang buhay ng pangkapatirang pag-ibig (1 Juan 4:7-8; 2 Juan 5-6; Juan 15:12, 17; Apoc. 3:7; Efe. 5:2; cf. Jud. 12a), at itinatayo ng Katawan ang sarili nito sa loob ng pag-ibig (Efe. 4:16).
 4. Ang ating espiritung naisilang na muli, na ibinigay ng Diyos, ay isang espiritu ng pag-ibig; kailangan natin ang nagliliyab na espiritu ng pag-ibig upang gapiin ang pagbaba ng ekklesia ngayon—2 Tim. 1:7; Roma 12:10-11.
 5. Ang ating pag-ibig para sa isa’t isa ay ginawang tunay sa atin habang tayo ay higit at higit na pumapasok sa karanasan at pagtatamasa ng pagiging magkasamang naihalo para sa kaisahan, ang pagtatayo, at ang realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:14-27; Roma 16:1-16; Col. 4:16; Juan 12:24; Lev. 2:4-5.

Ang Kagalakan ng Tres-unong Diyos Nagiging Ating Kagalakan

Babasahin sa Kasulatan: Roma 15:13; 14:17; Juan 15:4, 11; Gal. 5:22

I. Ang Tres-unong Diyos ay isang Diyos ng kagalakan:

- A. Sinasabi ng Roma 15:13, “Ngayon ay puspusin kayo ng Diyos ng pag-asa ng buong kagalakan at kapayapaan”:
 - 1. Ito ay nagpapagiwatig na ang kagalakan ay isa sa mga kagalingan ng Diyos.
 - 2. Ang Diyos ay ang Diyos ng pagtatamasa.
 - 3. Sa ating karanasan, kapag tinatamasa natin ang Diyos bilang biyaya, tayo ay magkakaroon ng kapayapaan, at kapag mayroon tayong kapayapaan, tayo ay magkakaroon ng kagalakan.
- B. Si Kristo rin ay kagalakan sa mga mananampalataya:
 - 1. Sinabi ng Panginoon sa Juan 15:11, “Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo upang ang Aking kagalakan ay mapasainyo at upang ang inyong kagalakan ay maging lubos.”
 - 2. Ang konteksto ng bersikulong ito ay ang salita ng Panginoon hinggil sa puno ng ubas at ang mga sanga.
 - 3. Na tayo ay mga sanga ng dibinong puno ng ubas ay isang bagay ng kagalakan—isang kagalak-galak na buhay.
 - 4. Ang ating kagalakan ay laging nagmumula sa ating pananahan sa Panginoon, mula sa ating pananahan sa Kanyang pag-ibig.
 - 5. Sa ganitong uri ng buhay tayo ay napupuspos ng kagalakan.
 - 6. Ang kagalakang ito ay si Kristo mismo; kapag Siya ay nananahan sa atin, ang Kanyang kagalakan ay nananahan sa atin upang maging ang pinagmumulan ng ating kagalakan upang ang ating kagalakan ay managana at maging lubos at upang ipamuhay natin ang ating mga araw nang may kagalakan.
- C. Mayroong kagalakan sa Espiritu Santo—Roma 14:17:
 - 1. Ninanais ng Diyos na tamasahin natin Siya at mabuhay para sa Kanyang layunin—Neh. 8:10; Efe. 3:11.
 - 2. Ang Tres-unong Diyos ay Diyos ng kagalakan, at ang mga apostol ay mga kamanggagawa ng mga banal para sa kanilang kagalakan—Roma 15:13; Juan 15:11; 17:13; Gawa 13:52; Gal. 5:22; 2 Cor. 1:24; Fil. 1:25; 2:17-18.
 - 3. Mararanasan natin ang kagalakan ng salita ng Panginoon sa ating mga puso—Jer. 15:16.
 - 4. Isang matamis na kaisipan na inihayag sa Salita ng Diyos ay yaong kay Kristo ay ibinigay ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin bilang biyaya upang maging ating pagtatamasa—Juan 1:14, 16-17; 2 Cor. 13:14:
 - a. Sa unang reperensya sa Bibliya sa ugnayan ng Diyos sa tao, itinanghal ng Diyos sa tao ang Kanyang sarili bilang pagkain; ito ay nagpapakita na ninanais ng Diyos na tamasahin natin Siya—Gen. 2:7, 9; Aw. 16:11; Jer. 15:16.
 - b. Ang kanaisan ng Diyos ay ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin upang maging ating pagtatamasa—Neh. 8:10.

- c. Ang sikreto sa buhay Kristyano ay hindi kung gaano karaming gawain natin para sa Kanya kundi gaano natin Siya sinisipsip at tinatamasa—Juan 15:4-5; Col. 2:6-7.

II. Ang kagalakan ng Tres-unong Diyos ay nagiging ating kagalakan:

- A. Sa Kanyang persona si Kristo ay ang ating kagalakan:
 1. Kung tayo ay mananahan sa Panginoon at mananatiling nananahan sa Kanya sa pamamagitan ng pananahan sa Kanyang pag-ibig, tayo ay mapupuspos ng kagalakan—Juan 15:10-11.
 2. Binabawi ng Panginoon ang mga bagay-bagay na nakaligtaan sa gitna ng mga Kristyano, at ang pagtatamasa sa Panginoon ay isa sa pinakamahalagang bagay na ito—1 Ped. 1:8.
 3. Ang bagay ng pagkain at pagtatamasa sa Panginoon ay batay sa Juan 6:57.
 4. Ang Kristyanong pamumuhay ay isang buhay ng pagkain, pag-inom, at pagtatamasa sa Panginoon araw-araw—b. 57; 1 Cor. 10:4.
 5. Upang tayo ay maging mga tapat, normal, at wastong Kristyano, ang pangunahing bagay na kailangan nating pangalagaan ay ang pagtatamasa sa Panginoon; kailangang maging isang pangitain ito sa atin—Kaw. 29:18; Gawa 26:19.
 6. Ang ating espiritu ay kailangang manguna sa pagtatamasa sa Panginoon—Heb. 4:12:
 - a. Dapat nating matutuhang direktang gamitin ang ating espiritu at hayaan ang ating kaluluwa na maging tagasunod sa espiritu.
 - b. Ang ating espiritu ang dapat na agresibong manguna sa pagtatamasa sa Panginoon.
 7. Sa Kanyang panalangin sa Ama, ang Anak ay nagsabi, “Ngayon ay dumudulog Ako sa Iyo, at sinasalita Ko ang mga bagay na ito sa sanlibutan upang maging ganap ang Aking kagalakan sa kanilang mga sarili.”—Juan 17:13:
 - a. Ang kapuspusan ng kagalakan ay nasa tunay na kaisahan.
 - b. Kapag tayo ay nasa pangalan ng Ama sa pamamagitan ng buhay ng Ama, samang tinatamasa ang Ama, ang kagalakan ng Panginoon ay magiging lubos sa loob natin—b. 13.
- B. Sa ekklesia bilang ang kaharian ng pag-ibig ng Anak ng Diyos, nararanasan at natatamasa natin si Kristo sa Kanyang pagiging nagpapaloob ng lahat—Col. 1:12-13, 27; 2:9, 16-17; 3:1, 4, 11:
 1. Si Kristo ang ating itinakdang bahagi, ang ating mabuting lupain—ang dibinong mana para sa ating pagtatamasa—1:12.
 2. Si Kristo ang realidad ng bawa’t positibong bagay sa sansinukob—2:16-17.
 3. Si Kristo ang Isa na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos—3:1.
 4. Si Kristo ay nananahan sa loob natin bilang ating pag-asa ng kaluwalhatian—1:27.
 5. Si Kristo ang ating buhay—3:4.
 6. Si Kristo ang bumubuo sa isang bagong tao—bb. 10-11.
- C. Ayon sa 1 Pedro 1:8, ang mga mananampalataya ay “nagbubunyi nang may kagalakang di-masambit at puspos ng kaluwalhatian”:
 1. Ang kagalakang ito ay nakababad sa Panginoon bilang kaluwalhatian; kaya, ito ang lubos na kahayagan Panginoon.

2. Sa pamamagitan ng pagsampalataya tungo sa Panginoon at sa pag-ibig sa Kanya, natatamo natin ang dakilang kagalakan.
 3. Ang normal na kundisyon ng isang Kristyano ay ang magkaroon ng kagalakan na puspos ng kaluwalhatian.
- D. Ang pagtatamasa sa Panginoon ay may maraming aspeto, gaya ng kagalakan ng presensya ng Panginoon (Aw. 16:11), ang kagalakan ng pamumuhay sa loob ng dibinong romansa (A. A. 1:1-4), ang kagalakan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad (2 Cor. 13:14; Efe. 3:14-21), ang kagalakan ng pag-inom ng ilog ng mga kaluguran ng Diyos (Aw. 46:4a; 36:8b), ang kagalakan ng pagkaalam sa pag-ibig ng Diyos (Gal. 2:20; Roma 8:38-39), ang kagalakan ng paggawa sa kalooban ng Diyos (Aw. 40:8a), ang kagalakan ng kasiyahan sa lahat ng sirkumstansya (Fil. 4:11), at ang pagpasok sa kagalakan ng Panginoon sa kaharian (Mat. 25:21, 23).
- E. Ang isang Kristyano ay dapat na maging isang nagagalak na tao—nagagalak sa Espiritu—Gal. 5:22:
1. Ang Panginoon ay ang ating kagalakan kapag tayo ay nasa Kanya—Roma 14:17.
 2. Kapag tayo ay nananahan sa Panginoon, anuman ang problemang mayroon tayo, tayo ay nagagalak, at anumang kahirapan ay nagpapalalim sa ating kagalakan sa Panginoon—Juan 15:4.
 3. Ang Espiritu Santo ay isang Espiritu ng kagalakan—Roma 14:17:
 - a. Kapag tayo ay nagagalak, ito ay nagpapahiwatig na ang Espiritu Santo sa loob natin ay nagagalak din—Gal. 5:22.
 - b. Marahil ay wala sa panlabas na kapaligiran ang makapagpapagalak sa atin, subalit ang Panginoong nananahan sa loob natin ay ang ating kagalakan—Col. 1:27.

Pagtutuos sa Ating Puso para sa Paglago ng Dibinong Binhi ng Buhay sa loob Natin tungo sa Ating Paggulang sa buhay para sa Pagtatayo ng Diyos sa Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 5:8; 13:3-9, 18-23; Kaw. 4:23; Jer. 32:39; Efe. 3:16-17

I. Dapat nating tuusin ang ating puso sa liwanag ng presensya ng Panginoon para sa paglago ng dibinong binhi ng buhay sa loob natin tungo sa ating paggulang sa buhay; ang puso ay ang kalipunan ng mga panloob na bahagi ng tao, ang pangunahing kumakatawan sa tao, ang kanyang kumikilos na kinatawan:

- A. Ang ating puso ay isang kabuuan ng lahat ng mga bahagi ng ating kaluluwa—ang kaisipan, ang damdamin, at ang pagpapasya (Mat. 9:4; Heb. 4:12; Gawa 11:23; Juan 14:1; 16:22)—kasama ang isang bahagi ng ating espiritu—ang budhi (Heb. 10:22; 1 Juan 3:20).
- B. Ang pag-eensayo ng espiritu ay umuubra lamang kapag ang ating puso ay aktibo; kung ang puso ng tao ay walang pakialam, ang espiritu ay nakabilanggo sa loob at hindi maipapakita ang kakayahan nito—Mat. 5:3, 8; Aw. 78:8.
- C. Ang kaluluwa ay ang persona mismo, subalit ang puso ay ang personang kumikilos; ang puso ay ang kumikilos na kinatawan, ang kumikilos na komisionado, ng ating buong katauhan.
- D. Ang mga aktibidad at pagkilos ng ating pisikal na katawan ay nakadepende sa ating pisikal na puso; sa parehong paraan, ang ating pang-araw-araw na pamumuhay, ang paraan kung paano tayo kumilos at gumawi, ay nakadepende sa kung anong uri ng sikolohikal na puso mayroon tayo.
- E. Ang puso ay ang pasukán at labasan ng buhay, ang “swits” ng buhay; kung ang puso ay hindi tama, ang buhay sa espiritu ay nahahadlangan, at ang kautusan ng buhay ay hindi makagagawa nang malaya at walang balakid upang marating ang bawat bahagi ng ating katauhan; bagamat ay buhay ay may dakilang kapangyarihan, ang dakilang kapangyarihang ito ay kinokontrol ng ating maliit na puso—Kaw. 4:23; Mat. 12:33-37; cf. Ezek. 36:26-27.

II. Ang ating paglago sa buhay ang nagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, na nagaganap sa pamamagitan ng paglago ni Kristo bilanga ang binhi ng buhay sa ating puso (1 Juan 3:9; 1 Ped. 1:23; Col. 2:19; Efe. 2:21; 4:15-16; Mat. 13:18-23); kailangan nating makipagkoopera sa Panginoon sa pamamagitan ng pagtutuos sa ating puso upang ito ay mapanatili sa mga sumusunod na katangian:

- A. Ninanais ng Diyos na maging malambot ang ating puso:
 - 1. Kapag tinutuos ng Diyos ang ating puso, inaalis Niya ang pusong bato mula sa ating laman at binibigyan tayo ng isang pusong laman, isang malambot na puso—Ezek. 36:26.
 - 2. Ang maging malambot ay nangangahulugan na ang ating puso ay mapagpasakop at masunurin sa Panginoon, hindi matigas ang ulo at rebelde—cf. Exo. 32:9.
 - 3. Ang isang malambot na puso ay ang mabuting lupa kung saan si Kristo ay malayang lalago; ito ay isang puso na hindi pinatigas ng makasanlibutang trapiko, yaon ay, walang pansariling paghahanap, at walang kabalisahan ng kapanahunan at ng daya ng mga kayamanan—Mat. 13:3-9, 18-23.
 - 4. Pinalalambot ng Diyos ang ating puso sa pamamagitan ng paggamit ng Kanyang pag-ibig upang pakilusin tayo; kung hindi tayo mapapakilos ng pag-ibig, gagamitin Niya ang Kanyang kamay sa pamamagitan ng kapaligiran upang disiplinahin tayo hanggang sa lumambot ang ating puso—2 Cor. 5:14; 4:16-18; Heb. 12:6-7; cf. Jer. 48:11.
- B. Ninanais ng Diyos na maging dalisay ang ating puso:
 - 1. Ang isang dalisay na puso ay isang puso na umiibig sa Diyos at ninanais ang Diyos; maliban sa Diyos, ito ay walang ibang pag-ibig, pagkiling, o pagnanais—Mat. 5:8; Aw. 73:25; cf. Jer. 32:39.

2. Ang ating puso ay dapat maging payak para sa Diyos upang tayo ay hindi natatakot maliban sa saktan Siya at maiwala ang Kanyang presensya—Aw. 86:11; Isa. 11:1-2.
 3. Ang maging dalisay sa puso ay ang magkaroon ng isang gol ng pagsasakatupran ng kalooban ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos; ang ating gol dapat ay ang lubusang pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo—Fil. 3:7-14.
 4. Dapat nating habulin si Kristo “kasama ng mga tumatawag sa Panginoon mula sa pusong dalisay”—2 Tim. 2:22; 1 Tim. 1:5; Aw. 73:1.
- C. Ninanais ng Diyos na maging mapagmahal ang ating puso:
1. Ang isang mapagmahal na puso ay isang puso kung saan ang damdamin ay umiibig sa Diyos, ninanais ang Diyos, nauuhaw sa Diyos, at naghahangad sa Diyos, mayroong isang personal, mapagmahal, pribado, at espirituwal na ugnayan sa Panginoon—42:1-2; A. A. 1:1-4.
 2. Dapat nating ibaling ang ating puso pabalik sa Panginoon nang muli’t muli at patuloy itong panauliin upang ito ay magkaroon ng isang bago at sariwang pag-ibig sa Panginoon—2 Cor. 3:16.
 3. Lahat ng mga espirituwal na karanasan ay nagsisimula sa pag-ibig sa puso; kung hindi natin iniibig ang Panginoon, imposibleng tanggapin ang aumang uri ng espirituwal na karanasan—Efe. 6:24; Apoc. 2:4-5.
 4. Ang ating pag-ibig para sa Panginoon ang nagkukuwalipika, nagpapasakdal, at nagsasangkap sa atin upang magsalita para sa Panginoon taglay ang Kanyang awtoridad; kung iniibig natin ang Panginoon sa sukdulan, tayo ay mapupunuan at mag-uumapaw sa Kanya—Juan 21:15-17; Mat. 26:6-13; 28:18-20.
- D. Ninanais ng Diyos na maging mapayapa ang ating puso:
1. Ang isang pusong payapa ay isang puso kung saan ang budhi ay walang sala, kondensasyon, o paninisi—Gawa 24:16; 1 Juan 3:19-21; Heb. 10:22.
 2. Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan sa liwanag ng presensya ng Diyos, tayo ay tatanggap ng Kanyang pagpapatawad at ng Kanyang paglilinis upang matamasa natin ang walang tigil na pagsasalamuha sa Diyos na may isang mabuti at dalisay na budhi—1 Juan 1:7, 9; 1 Tim. 1:5; 3:9.
 3. Ang resulta ng pagsasagawa ng salamuha sa Diyos sa panalangin ay yaong tinatamasa natin ang kapayapaan ng Diyos, na sa katunayan ay ang Diyos bilang kapayapaan na nagbabantay sa ating mga puso’t kaisipan kay Kristo, pinananatili tayong kalmado at tahimik—Fil. 4:6-7.
 4. Kailangan nating hayaang mamagitan ang kapayapaan ni Kristo sa ating mga puso sa pamamagitan ng pagpapatawad sa isa’t isa upang ibihis ang isang bagong tao—Col. 3:13-15.

III. Kailangan nating makita ang mga balakid na nakakasagupa ng buhay ng Diyos sa ating mga puso:

- A. Ang unang suliraning nakakasagupa ng buhay ng Diyos sa atin ay yaong hindi natin natatanto ang kadiliman ng ating mga pantaong konsepto—2 Cor. 3:14; 4:4:
1. Kailangan nating makita na ang tanging bagay na mahalaga sa buhay Kristyano ay kung paano natin pinangangalagaan ang buhay na Kristo sa loob natin—Gal. 1:16; 2:20; 4:19; Fil. 1:19-21; 2 Cor. 3:18.
 2. Ang pagiging Kristyano ay nangangahulugang hindi kinukuha ang anupamang bagay maliban kay Kristo bilang ating layon; maraming tao ang nahihirapan sa kanilang espirituwal na buhay pagkatapos nilang maligtas sapagkat hindi nila alam ang landas ng buhay, at hindi nila kinukuha si Kristo bilang kanilang buhay—Roma 8:6.
- B. Ang ikalawang suliraning nakakasagupa ng buhay sa atin ay ang pagkukunwari—Mat. 6:2, 5; 7:5; 23:13-29:
1. Ang espirituwalidad ng isang tao ay hindi pinagpapasyahan ng panlabas na anyo kundi kung paano niya pinangangalagaan ang Kristong nananahan sa loob.

2. Ang ating natural na kabutihan ay huwad na espirituwalidad at sa katinayan ay malaking hadlang sa buhay; ang kahayagan ng buhay ay kinasasangkutan ng pagtanggì sa ating natural na disposisyon at kagustuhan at simpleng pagpapahintulot kay Kristo upang gumawa sa loob natin at basagin tayo.
 3. Kung lagi nating gagawin ang mga bagay ayon sa ating disposisyon at natural na katauhan, ang kinalabasan ay laging magiging pagkukunwari.
- C. Ang ikatlong suliraning nakakasagupa ng buhay sa atin is rebelyon—2 Cor. 10:4-5:
1. Si Kristo ay gumagawa at kumikilos sa loob natin upang gawin tayong malinaw hinggil sa Kanyang kalooban at kahilingan para sa atin at hinggil sa Kanyang pangunguna at pagtutuos sa atin.
 2. Gayunpaman, kung hindi tayo susunod bagkus ay sasalungat laban sa panloob na damdamin, hindi tinatanggap ang Kanyang pangunguna o hindi nagbabayad ng halaga, ang ganitong pag-ayaw at pagsalungat ay rebelyon.
 3. Ang kasalanang madalas nating ginagawa at ang pinakamasahol ay hindi panlabas at nakikita; sa halip, ito ay ang kasalanan ng di-pagsunod sa pandama ni Kristo sa loob natin; si Kristo ay nabubuhay sa loob natin, at palagian Niya tayong binibigyan ng isang panloob na pandama ng buhay—Roma 8:6; 1 Juan 2:27; cf. Efe. 3:1; 4:1; 6:20; 2 Cor. 2:12-14.
- D. Ang ikaapat na suliranin na nakakasagupa ng buhay sa atin ay ang ating natural na kakayahan:
1. Maraming kapatid ang tunay na umiibig sa Panginoon, mga masigasig para sa Panginoon, at lubhang makadiyos; gayunpaman, ang kanilang pinakamalaking suliranin ay ang kalakasan at kadakilaan ng kanilang mga kakayahan at mga abilidad; kaya, si Kristo ay walang puwang o daan sa kanila.
 2. Marahil ay mayroon tayong kakayahan at talento, subalit hindi natin isinasaalang-alang ang mga bagay na ito bilang kasalanan o karumihan; sa halip na hamakin ang ating mga natural na kakayahan, pinahahalagahan natin ang mga ito; kapag ang mga ito ay nanatiling hindi nabasag sa atin, ang mga ito ay magiging suliranin sa buhay ni Kristo.
- E. Kung nais nating huwag mahadlangan ang buhay ni Kristo sa atin, dapat nating maranasan ang pagbasag ng krus at hayaan ang mga handlang na ito na matuos at maalís—Mat. 16:24-25.

IV. Kailangan nating makita ang mga subhektibong hadlang na nakakasagupa ng buhay ng Diyos sa ating puso:

- A. Ang unang subhektibong suliranin ay ang suliranin ng ating kaisipan:
1. Kung ang mga bagay na nais nating gawin ay nagmumula sa ating mga pag-iisip, sa gayon ang mga bagay na ito ay walang iba kundi mga relihiyosong aktibidad, bagamat ang mga ito ay matagumpay; ang mga ito ay hindi isang patotoo ni Kristong ipinamuhay mula sa ating espiritu—cf. Fil. 2:5; 1 Cor. 2:16; Efe. 4:23; Roma 12:2.
 2. Bagamat taglay natin ang buhay ni Kristo sa loob, hindi tayo nakikipagkoopera sa buhay ni Kristo sa ating mga pag-iisip at aksyon, at kaya ang buhay na ito ay hindi maipamuhay mula sa atin.
 3. Kapag ang ating kaisipan ay nakalagak sa espiritu, ang ating mga panlabas na aksyon ay sumasang-ayon sa ating panloob na tao, at walang kaibhan sa pagitan natin at ng Diyos; Siya at tayo ay may kapayapaan, walang alitan; ang resulta ay yaong nadarama natin ang kapayapaan sa loob—8:6.
- B. Ang ikalawang subhektibong suliranin ay ang suliranin ng ating pagpapasya:
1. Bagamat ang ating kaisipan ay madalas na nauunawaan ang intensyon sa ating espiritu, at nalalaman natin ang kalooban ng Diyos, ayaw nating magpasakop at sumunod.
 2. Maaari nating maunawaan, malaman, matalastas, at malalim na madama na ninanais ng Panginoon na gumawa tayo ng isang bagay, subalit tumatanggi ang ating pagpapasya na magpasakop at sumuko, at naiwawala natin ang presensya ng Panginoon.

3. Kapwa ang isang malakas na pagpapasya at isang mahinang pagpapasya upang isagawa ang kalooban ng Panginoon ay mga hadlang sa buhay ng Diyos; ang pagpapasyang natuos ay kapwa malakas at masunurin sa pagiging nasupil at binuhay na muli ng Panginoon; ang pagkakaroon ng isang pagpapasyang nakikipagkoopera sa Diyos ay isang malaking bagay—Fil. 2:13.
- C. Ang ikatlong subhektibong suliranin ay ang suliranin ng ating damdamin:
 1. Ang ating damdamin ay kailangang magtaglay ng damdamin ng Diyos, at kailangan nating lubusang pumasok sa damdamin ng Diyos—2 Tes. 3:5; Fil. 1:8.
 2. Dapat nating ibigin anuman ang iniibig ng Diyos, gustuhin ang ginugusto ng Diyos, at kamuhian ang kinamumuhian ng Diyos; ang ating damdamin at ang Kanyang damdamin ay dapat maging isang damdamin—Efe. 5:25; 2 Cor. 12:15; 1 Cor. 16:24; Apoc. 2:6; Fil. 1:8.
 - D. Araw-araw ay kailangan nating mapalakas tungo sa panloob na tao upang si Kristo bilang buhay ay makagawa ng Kanyang tahanan sa mga pangunahing bahagi ng ating puso—ang ating kaisipan, pagpapasya, at damdamin—Efe. 3:16-17.
- V. Mahabag nawa sa atin ang Panginoon at buksan ang ating mga mata upang makita na ang sentrong gawain ng Diyos sa kapanahunang ito ay yaong matamo ng tao ang Kanyang buhay at lumago at gumulang sa Kanyang buhay; ang ating gawain ay dapat na maging ang pamamahagi at pagtutustos ng buhay ng Diyos sa iba; tanging ang gawaing nagmumula sa Kanyang buhay ang makakaabot sa Kanyang walang hanggang pamantayan at matatanggap Niya—Juan 7:37-39a; 2 Cor. 4:10-12; 1 Juan 5:16a; 2 Cor. 3:3, 6.**

Mensahe Apat

Nakikilala ang Nagpapaloob ng Lahat na Kristo at Lumalago sa Paglago ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Col. 1:18, 27-28; 2:2-3; 3:1-4

I. Isang pagpapala ang makilala natin at maranasan ang nagpapaloob ng lahat na Kristo gaya ng inihayag sa Colosas:

- A. Si Kristo “ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia;...na Siya mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay”—1:18:
 - 1. Kapwa sa lumang paglikha at bagong paglikha, si Kristo ang una at umookupa ng unang puwesto.
 - 2. Kapwa sa sansinukob at sa ekklesia, si Kristo ang Isang nangunguna.
- B. “Si Kristo na nasa inyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian”—b. 27:
 - 1. Si Kristo, na nananahan sa ating espiritu upang maging ating buhay at persona, ay ang ating pag-asa ng kaluwalhatian.
 - 2. Pagdating Niya, tayo ay maluluwalhati sa Kanya.
 - 3. Ito ay nagpapahiwatig na bababaran ng nananahanang Kristo ang ating buong katauhan upang ang ating pisikal na katawan ay mabagong anyo at maiwangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian.
- C. Sa Colosas ilang mahalagang parirala ang tumutukoy sa ating karanasan kay Kristo:
 - 1. “Si Kristo na nasa inyo”—b. 27.
 - 2. “Lubos na lumago kay Kristo”—b. 28.
 - 3. “Lumakad sa Kanya”—2:6.
 - 4. “Ayon kay Kristo”—b. 8.
 - 5. “Binuhay na kalakip Niya”—b. 13.
 - 6. “Namatay kasama si Kristo”—b. 20.
 - 7. “Tinatangan ang Ulo”—b. 19.
 - 8. “Mula sa Kanya”—b. 19.
 - 9. “Lumalago sa paglago ng Diyos”—b. 19.
 - 10. Ang mga katagang ito ay nagbibigay sa atin ng isang kumpletong larawan ng wastong karanasan kay Kristo.
 - 11. “Ang hiwaga ng Diyos, si Kristo, kung kanino ang lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman ay natatago”—bb. 2-3:
 - a. Ang Colosas ay may kinalaman sa hiwaga ng Diyos, na siyang si Kristo ang Ulo.
 - b. Lahat ng kayamanan ng tunay na karunungan at kaalaman ay natatago kay Kristo—b. 3.
 - c. Ito ang espirituwal na karunungan at kaalaman ng dibinong ekonmiya hinggil kay Kristo at ang ekklesia.
 - d. Ang karunungan ay mag kaugnayan sa ating espiritu, at kaalaman ay may kaugnayan sa ating kaisipan—Efe. 1:8, 17.
 - 12. “Sa Kanya ay nananahan ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos sa pangkatawan, at kayo ay ginawang puspos sa Kanya”—Col. 2:9-10:
 - a. Ang nananahan kay Kristo ay hindi lamang ang mga kayamanan ng Pagkadiyos kundi ang kahayagan ng mga kayamanan ng kung ano ang Diyos.
 - b. Ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos ay nananahan kay Kristo bilang Isa na may pantaong katawan.

- D. “Kung kayo nga ay ibinangong kalakip ni Kristo, hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Kristo, na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos”—3:1:
1. Ipinahihiwatig ng mga bersikulo 1 hanggang 4 na tayo kasama ni Kristo ay may isang posisyon, isang buhay, isang pamumuhay, isang hantungan, at isang kaluwalhatian.
 2. Ang Diyos sa mga kalangitan ay dapat maging ang kinasasaklawan ng ating pamumuhay; kasama ni Krsito tayo ay dapat mabuhay sa Diyos.

II. “Tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang natutustusan..., lumalago sa paglago ng Diyos”—2:19:

- A. Ang lumago ay ang maidagdag si Kristo tungo sa atin—1 Cor. 3:6-7; Gal. 4:19.
- B. Ang paglago ng Katawan ay nakasalalay sa kung ano ang nagmumula kay Kristo bilang ang Ulo—Efe. 4:15-16:
1. Kapag ang Katawan ay natutustusan sa pamamagitan ng pagtangan sa Ulo, ang Katawan ay lumalago sa paglago ng Diyos—Col. 2:19.
 2. Ang Katawan ay lumalago mula sa Ulo, sapagkat ang lahat ng tustos ay nagmumula sa Ulo—Efe. 4:15.
- C. Ang paglago ng Katawan ay nakasalalay sa paglago ng Diyos, ang pagdagdag ng Diyos, ang pagdami ng Diyos, sa loob natin—Col. 2:19:
1. Ang Diyos ay nagbibigay ng paglago sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang sarili sa atin sa isang subhektibong paraan.
 2. Lalong naidaragdag ang Diyos tungo sa atin, lalong paglago ang ibinibigay Niya sa atin; ito ang paraan ng pagbibigay ng Diyos ng paglalo—1 Cor. 3:6-7.
 3. Tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng paglago; tanging ang Diyos ang makapagbibigay sa ating ng Kanyang sarili, at kung wala Siya, tayo ay hindi maaaring lumago—vv. 6-7:
 - a. Ang pagdagdag ng Diyos tungo sa atin ay ang paglago na ibinibigay Niya.
 - b. Ang bigyan tayo ng Diyos ng paglago sa katunayan ay nangangahulugang ibinibigay Niya sa atin ang Kanyang sarili—Roma 8:11.
- D. Ang paglago ng Katawan ay ang pagtatayo ng Katawan—Efe. 4:16; Col. 2:19:
1. Ang Efeso 4:12-16 ay umookupa ng espesyal na lugar sa Bagong Tipan sapagkat ipinapakita nito ang hiwaga hinggil sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.
 2. Ang paglago ng Katawan ni Kristo ay ang paglaki ni Kristo sa ekklesia, na nagreresulta sa pagtatayo ng Katawan sa pamamagitan mismo ng Katawan—3:17a:
 - a. Kapag si Kristo ay pumapasok sa mga banal at nabubuhay sa loob nila, ang Kristo sa loob ng mga banal ay nagiging ang ekklesia—Col. 3:10-11.
 - b. Ang Katawan ni Kristo ay lumalago sa pamamagitan ng paglago ni Kristo sa loob natin at naitatayo sa ganitong paraan—1:18; 2:19.
 3. Ang pag-ibig kung saan ang Katawan ay itinatayo ang sarili nito ay hindi ang ating sariling pag-ibig kundi ang pag-ibig ng Diyos kay Kristo, na nagiging ang pag-ibig ni Kristo sa loob natin, na sa pamamagitan nito ay iniibig natin si Kristo at mga kapwa sangkap ng Kanyang Katawan—1 Juan 4:7-8, 11, 16, 19; Roma 5:5; 8:39:
 - a. Ang pag-ibig ay ang panloob na substansya ng Diyos; kapag tayo ay pumapasok sa panloob na substansya ng Diyos, tinatamasa natin ang Diyos bilang pag-ibig at tinatamasa ang Kanyang presensya sa katamisan ng dibinong pag-ibig, at sa gayon ay ibigin ang iba gaya ng ginawa ni Kristo—Efe. 5:25.

- b. Sa gayong pag-ibig na tayo ay tumatangan sa katotohanan, yaon ay, kay Kristo kasama ang Kanyang Katawan, at naiingatan mula sa impluwensya ng mga hangin ng pagtuturo at mula sa pagdadala ng mga elementong banyaga sa Katawan—4:14-15.

Ang Naghaharing Aspeto ng Gumulang na Buhay na Nakikita sa Buhay ni Jose

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 41:39-44, 51-52; 45:5-8; 47:14-23; 50:15-21

- I. Ayon sa espirituwal na karanasan, sina Jacob at Jose ay isang tao; si Jose ay kumakatawan sa naghaharing aspeto ng gumulang na Israel, ang pagkakabuo ni Kristo sa gumulang na kalikasan ni Jacob; bilang isang gumulang na banal na nabuuan ni Kristo, ang sakdal na Isa, si Jacob ay naghari sa pamamagitan ni Jose—Gen. 41:39-44; Heb. 6:1a; Gal. 6:8; 5:22-23:**
- A. Ang naghaharing aspeto na sinagisag ni Jose ay si Kristong naibuo sa ating katauhan—4:19.
 - B. Si Jose, isang “bihasa sa mga panaginip” (Gen. 37:19), ay nanaginip na, ayon sa pananaw ng Diyos, ang Kanyang bayan ay mga bigkis ng trigo na punó ng buhay at mga makalangit na bagay na punó ng liwanag (bb. 5-11); ang dalawang panaginip ni Jose (bb. 7, 9), kapwa mula sa Diyos, ay naghayag sa kanya ng dibinong pananaw ng Diyos hinggil sa kalikasan, posisyon, pangsyon, at gol ng bayan ng Diyos sa lupa:
 - 1. Dapat nating gamitin ang “dibinong teleskopyo” upang makita sa panahon at mamasdan ang Bagong Herusalem, na doon ay walang anuman maliban sa mga bigkis na punó ng buhay at mga bituwing punó ng liwanag; kaya, ang naghaharing aspeto ng gumulang na buhay ay hindi kailanman nagsasabi ng negatibo hinggil sa mga banal o sa ekklesia—cf. 38:27-30; Mat. 7:1-5; 1 Ped. 3:8-9.
 - 2. Ang mga panaginip ni Jose ang kumontrol sa kanyang buhay at dinirekta ang kanyang pag-asal; siya ay umasal nang ekselente at kahanga-kahanga sapagkat siya ay dinirektahan ng pangitain na nakita niya sa kanyang mga panaginip (cf. Gawa 26:19); nagbulalas ng kanilang galit ang kanyang mga kapatid (Gen. 37:18-31) at nagpasasa sa kanilang pita (38:15-18), subalit sinupil ni Jose ang kanyang galit at ginapi ang kanyang pita (39:7-23), umasal bilang isang bigkis na punó ng buhay at ginawi ang kanyang sarili gaya ng isang makalangit na bituwin na nagniningning sa kadiliman.
 - C. Ang buhay ni Jose sa ilalim ng makalangit na pangitain ay isang buhay ng kaharian ng mga kalangitan na inilarawan sa Mateo 5—7; sa pamumuhay ng gayong buhay, siya ay lubusang inihanda upang maghari bilang isang hari; ayon sa saligan ng makalangit na kaharian na inihayag sa mga kapitulong ito sa Mateo, ang ating galit ay dapat magapi, at ang ating pita ay dapat malupig (5:21-32).
 - D. Ang naghaharing aspeto ng gumulang na buhay ay isang buhay na laging tinatamasa ang presensya ng Panginoon (Gawa 7:9); saan man ang Kanyang presensya, naroon ang awtoridad, ang namumunong kapangyarihan (Gen. 39:2-5, 21-23):
 - 1. Sa presensya ng Panginoon, Kanyang pinasagana si Jose; habang si Jose ay dumaraan sa mga pagmaltrato, tinamasa niya ang pagpapanagana ng Panginoon na dumating sa kanya sa ilalim ng pagkasoberano ng Panginoon.
 - 2. Sa presensya ng Panginoon, si Jose ay pinaboran ng pagpapala ng Panginoon saan man siya naroon; nang tinamasa ni Jose ang pagpapanagana, siya at yaong nasangkot sa kanya ay pinagpala—bb. 4-5, 22-23.
 - E. Bagama’t hindi pa natupad ang kanyang mga sariling panaginip, si Jose ay may pananampalataya at katapangan ng loob upang bigyang kahulugan ang mga panaginip ng kanyang dalawang kasamahan sa bilangguan (40:8); kalaunan, si Jose ay napalaya mula sa bilangguan nang di-tuwiran sa pamamagitan ng kanyang pagsasalita sa pananampalataya sa pagbibigay kahulugan sa panaginip ng katiwala ng saro (41:9-13), at siya ay inihatid nang tuwiran sa trono sa pamamagitan ng kanyang buong tapang na pagsasalita sa pagbibigay kahulugan sa mga panaginip ni Faraon (bb. 14-46); kapwa pagpapalaya at awtoridad ay dumating sa pamamagitan ng kanyang pagsasalita:
 - 1. Minsang sinabi si Andrew Murray ang salitang gaya nito: ang mabuting tagapaghain ng Salita ay dapat laging maghain ng higit sa kanyang naranasan; nangangahulugan ito na dapat tayong magsalita ayon sa pangitain nang higit ayon sa katuparan ng pangitain.

2. Kahit na ang ating pangitain ay hindi pa natupad, dapat pa rin nating salitain ito sa iba; darating ang panahon na ang ating pangitain ay matutupad; ang mga panaginip ni Jose kalaunan ay natupad sa pamamagitan ng kanyang pagbibigay kahulugan ng panaginip ng katiwala ng saro.
 3. Hindi tayo dapat magsalita ayon sa ating mga damdamin bagkus ayon sa makalangit na pangitain; tayo ay mga mapangitain, mga tagakita, ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, kaya't dapat tayong magsalita ayon sa pagiging lubusan ng katotohanan ng Kanyang ekonomiya—Gawa 26:16-19.
- F. Kung ipinamumuhay natin si Kristo, alinman sa magdadala tayo ng buhay o kamatayan kung nasaan man tayo (2 Cor. 2:14-16); sa katiwala ng saro, si Jose ay nagdala ng pagpapanumbalik; sa magtitinapay, siya ay nagdala ng kamatayan (Gen. 41:12-13).
- G. Kung hahanapin natin ang Panginoon, ilalagay Niya tayo sa isang “kulungan”; kung walang piitan hindi tayo makakaahon tungo sa trono; huwag tayong maging “takas sa kulungan”; dapat tayong manatili sa kulungan hanggang sa tayo ay makapagtapos at matanggap ang korona—Efe. 3:1; 4:1; Sant. 1:12.
- II. Si Jose bilang isang mabungang sanga (Gen. 49:22) ay sumasagisag kay Kristo bilang ang sanga (Isa. 11:1-2) para sa pagsasanga ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga mananampalataya bilang Kanyang mga sanga (Juan 15:1, 5); sa Genesis 49:22 ang bukal ay sumasagisag sa Diyos, ang pinagmumulan ng pagiging mabunga (Aw. 36:9; Jer. 2:13), at ang pag-akyat ng mga sanga sa ibabaw ng pader ay sumasagisag sa mga mananampalataya ni Kristo bilang Kanyang mga sanga na lumalaganap sa ibabaw ng bawat limitasyon, pinadadakila Siya sa lahat ng mga sirkumstansya (Fil. 1:20; 4:22; Filem. 10):**
- A. Sa kanyang pagtanggap ng kaluwalhatian at ng mga kaloob sa kanyang pagluklok sa trono, sinasagisag ni Jose si Kristo, na tumanggap ng kaluwalhatian (Heb. 2:9) at mga kaloob (Aw. 68:18; Gawa 2:33) sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan (Gen. 41:42):
1. Ang singsing, ang mga kasuotan, at ang gintong kuwintas at naglalarawan sa mga kaloob na tinanggap ni Kristo sa Kanyang pag-akyat sa mga kalangitan, na Kanyang ibinigay sa ekklesia—b. 42:
 - a. Ang tandang singsing ay sumasagisag sa Espiritu Santo bilang isang tatak sa loob at sa ibabaw ng mga mananampalataya ni Kristo—Gawa 2:33; Efe. 1:13; 4:30; cf. Luc. 15:22.
 - b. Ang mga kasuotan ay sumasagisag kay Kristo bilang ating obhektibong katuwiran para sa ating pag-aaring matuwid sa harap ng Diyos (1 Cor. 1:30; cf. Aw. 45:9, 13; Luc. 15:22) at bilang ating subhektibong katuwiran na ipinamuhay natin upang tayo ay maging nararapat na makibahagi sa kasal ng Kordero (Fil. 3:9; Aw. 45:14; Aw. 19:7-9).
 - c. Ang gintong kuwintas ay sumasagisag sa kagandahan ng Espiritu Santo na ibinigay para sa pagtalima na inihayag sa pagpapasakop (cf. Gawa 5:32); ang isang leeg na may kuwintas ay sumasagisag sa isang pagpapasyang nagapi at nalupig upang sumunod sa utos ng Diyos (Gen. 41:42; cf. A. A. 1:10; Kaw. 1:8-9).
 2. Ayon sa pagkakasunod-sunod ng espirituwal na karanasan, una nating tinanggap ang pagtatatak ng Espiritu para sa kaligtasan; pagkatapos ay tinanggap natin ang kasuotan ng katuwiran at nagsimulang ipamuhay si Kristo (Gal. 2:20; Fil. 1:20-21a); upang maipamuhay natin si Kristo, ang ating leeg ay dapat may kuwintas, ang ating pagpapasya ay dapat na magapi at malupig, ng Espiritu Santo.
- B. Pagkatapos buhaying muli mula sa bilangguan ng kamatayan at naihatid sa posisyon ng pag-akyat sa kalangitan, pinakasalan ni Jose si Asenath, na inilalarawan ang ekklesia na kinuha mula sa mundo ng Hentil sa panahon ng pagtanggap ng mga anak ni Israel kay Kristo (Gen. 41:45); pinangalanan ni Jose ang kanyang panganay na Manases (nangangahulugang “ipinalimot”) at ang pangalan ng ikalawa ay Ephraim (nangangahulugang “makalawang ulit na mabunga”); dineklara ni Jose, “Ipinalimot ng Diyos ang lahat ng aking kaguluhan at ang buong bahay ng aking ama,” at “Pinamunga ako ng Diyos [nang dalawang ulit] sa lupain ng aking pagdadalamhati” (bb. 51-52).

III. Ang talá ng buhay ni Jose ay isang pahayag ng pamumuno ng Espiritu, sapagkat ang pamumuno ng Espiritu ay ang paghaharing aspeto ng isang gumulang na banal; ang pamumuno ng Espiritu (isang buhay ng naghahari sa buhay, na nasa ilalim ng restriksyon at limitasyon ng dibinong buhay sa realidad ng kaharian ng Diyos) ay mas mataas kaysa sa ibang aspeto ng Espiritu—Roma 5:17, 21; 14:17-18; cf. 2 Cor. 3:17-18; 2 Tim. 4:22; Apoc. 4:1-3:

- A. Bagamat si Jos ay punó ng mga pantaong damdamin at sentimyento tungo sa kanyang mga kapatid, pinanatili niya ang kanyang sarili kalakip ang lahat ng kanyang mga damdamin sa ilalim ng pamumuno ng Espiritu; pinakitunguhan niya ang kanyang mga kapatid nang may kahinahunan, karunungan, at pagkilatis, dinisiplina sila ayon sa kanilang pangangailangan upang pasakdalin sila at itayo sila upang sila ay maging isang sama-samang bayan na magkasamang namumuhay bilang patotoo ng Diyos sa lupa; ang buhay na ipinakita sa kasaysayan ni Jose ay ang buhay ng pagkabuhay na muli, ang buhay ng Diyos—Gen. 42:9, 24; 43:30-31; 45:1-2, 24.
- B. Ang pamumuhay ni Jose sa ilalim ng restriksyon ng Diyos, isang larawan ng pantaong pamumuhay ni Kristo, ay nagpakita ng paggulang at kasakdalan ng dibinong buhay at ipinasaok ang kaharian ng Diyos—Juan 5:19, 30b; 7:16, 18; 14:10; Mat. 8:9-10.
- C. Sa mga pakikitungo ni Jose sa kanyang mga kapatid, makikita natin na pinamuhay niya ang isang kalmadong buhay, isang mahinahong buhay, at isang kumikilatis na buhay na may pag-ibig para sa mga kapatid—isang buhay na tinatatwa ang sarili bilang pagsasagawa ng buhay kaharian—Gen. 45:24; Mat. 16:24; 2 Cron. 1:10; Isa. 30:15a; Fil. 1:9; 1 Tim. 5:1-2; 1 Tes. 3:12; 4:9; 2 Tes. 1:3; Roma 12:10; 1 Juan 4:9; Heb. 13:1.
- D. Ang pinakamakapangyarihang tao ay isa na may kalakasang huwag gawin ang kaya niyang gawin—ito ang tunay na pagtatatwa ng sarili at ang tunay na pagpasan ng krus—Mat. 16:24; cf. 26:53; 2 Cor. 2:12-16.
- E. Ang pagkatanto ni Jose ay yaong ang Diyos ang nagsugo sa kanya sa Ehipto; sinabi niya sa Genesis 50:20 sa kanyang mga kapatid, “Bagamat nilayon ninyo ang kasamaan laban sa akin, nilayon ng Diyos ito para sa kabutihan” (45:5, 7; 50:19-21; cf. 41:51-52); ito ang realidad ng salita ni Pablo sa Roma 8:28-29; tinanggap ni Jose gaya ng mula sa Diyos lahat ng ginawa ng kanyang mga kapatid sa kanya, at inaliw niya yaong mga nakasakit sa kanya (Gen. 45:5-8; 50:15-21); anong biyaya, at anong ekselenteng espiritu, ang taglay niya!

IV. Sapagkat si Jose ay nagdusa at tinatwa ang kanyang sarili, tinamo niya ang mga kayamanan ng panustos ng buhay (*Mga Himno*, #635); upang makatanggap ng pagkain mula sa kanya bilang isang sagisag ni Kristo, dapat magbayad ang mga tao ng apat na uri ng halaga: ang kanilang salapi, ang kanilang mga hayop, ang kanilang mga lupain, at ang kanilang mga sarili—47:14-23; cf. Rev. 3:18:

- A. Ang salapi ay kumakatawan sa kaginhawaan, ang mga hayop ay sumasagisag sa hanapbuhay, at ang lupain ay kumakatawan sa pinagkukunan; kung nais nating tumanggap ng panustos ng buhay mula sa Panginoon bilang ang Tagapamahagi, dapat nating ibigay sa Kanya ang ating kaginhawaan, ang ating hanapbuhay, at ang ating pinagkukunan; lalo tayong nagbibigay sa Kanya, lalong higit na panustos ng buhay ang matatanggap natin mula sa Kanya.
- B. Katapus-tapusan, upang matanggap natin ang pinakamainam na bahagi mula sa Panginoon, kasama ang pagkain para sa kasiyahan at binhi upang magbunga ng bagay para sa iba (Gen. 47:23), dapat nating ibigay ang ating mga sarili, bawat bahagi ng ating katauhan, sa Kanya (Lev. 1:4).
- C. Kapag nagbayad tayo ng pinakamalaking halaga sa pamamagitan ng pagbibigay ng bawat bahagi ng ating katauhan sa Kanya, tatamasahin natin ang pinakamainam na bahagi ng pagtatamasa kay Kristo.

V. Ang pansansinukob na pagpapala kay Jose ay mapapasukdol sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa, kung saan ang lahat ng bagay ay magiging bago bilang isang pagpapala kay Kristo at sa Kanyang mga mananampalataya—Gen. 49:25-26; Deut. 33:13-16; Apoc. 21:5:

- A. Ang transpormasyon ay ang metabolikong mabago ng kabaguhan ng dibinong buhay, ang paggulang ay ang mapunuan ng kabaguhan ng dibinong buhay na nagpapabago sa atin, at ang pagpapala ay ang pag-apaw ng buhay; ang katapusan ng buhay ni Jacob kasama si Jose ay isang buhay ng pagpapala bilang ang tugatog ng kanyang pagniningning—Kaw. 4:18; Heb. 11:21; Gen. 47:7; 48:15-16.
- B. Tanging ang Diyos ang bago; anumang bagay na nawalay sa Diyos ay luma, ngunit anumang bagay na bumabalik sa Diyos ay bago (2 Cor. 5:17); ang mapabago ay nangangahulugang maibalik sa Diyos at malagyan ng isang bagay ng Diyos upang tayo ay maihalo sa Diyos at makaisa ang Diyos para sa buhay Katawan (4:16; Roma 12:1-2).
- C. Ang sikreto ng pagtanggap sa Diyos bilang ating pagpapala ng kabaguhan ay ang dalhin ang lahat ng bagay sa Diyos at hayaan Siya na makapasok sa lahat ng bagay; ang pansansinukob na pagpapala kay Jose ay nangangahulugan na ang pagpapala ay nasa lahat ng dako; ang ating mga papuri ang nagbabaling ng lahat ng bagay ng sumpa ng pagkatisod tungo sa isang pagpapala—Efe. 5:20; 1 Tes. 5:16-18.

Mensahe Anim

Ang Kagalakang Inilagak sa harap ni Kristo at ang Kagalakang Inilagak sa harap Natin

Babasahiin sa Kasulatan: Heb. 12:2; Col. 2:15; Apoc. 19:7-9; Neh. 8:10c

- I. Dahil sa kagalakang inilagak sa harap Niya, si Hesus, ang May-akda at Tagapagpasakdal ng ating pananampalataya, “tiniis ang krus, hinamak ang kahihyan”—Heb. 12:2:**
- A. Inibig ng Panginoon ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya—Efe. 5:25.
 - B. Sa krus ay inialay ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang ang hain para sa mga kasalanan, dinala ang mga kasalanan ng marami, ginawang kasalanan para sa mga mananampalataya, pinalayas ang pinuno ng sanlibutang ito at hinatulan ang sanlibutang ito, at nahulog, bilang isang butil ng trigo, sa kamatayan para sa pagpapalaya ng dibinong buhay—Heb. 9:28; 1 Ped. 2:24; 2 Cor. 5:21; Juan 12:24, 31.
 - C. Inilalarawan ng Colosas 2:15 ang digmaan na naganap sa panahon ng pagkapako ni Kristo:
 - 1. Sa Kanyang pagkapako si Kristo ay gumagawa upang isakatuparan ang pagtutubos, at ang Diyos Ama ay gumagawa upang hatulan ang kasalanan.
 - 2. Sa parehong panahon ang mga pinuno at mga awtoridad ay abala sa pagtatangkang biguin ang gawain ng Diyos at ni Kristo—b. 15.
 - 3. Ang mga pinuno at mga awtoridad ay ang mga masamang anghel, ang mga natisod na anghel na nasasakupan ni Satanas na gumagawa para sa kanya—Efe. 2:2.
 - 4. Habang hinahatulan ng Diyos ang kasalanan, ang mga masamang pinuno at mga awtoridad ay naroon at lubhang aktibo, kumukuyog sa palibot ng napakong Kristo, tumutulak nang napakalapit—Col. 2:15:
 - a. Kung hindi sila tumutulak nang napakalapit, hindi sana sila hinapak ng Diyos.
 - b. Ang salitang *hinapak* ay nagpapahiwatig na ang mga pinuno at mga awtoridad ay napakalapit, kasing lapit ng ating mga kasuotan sa ating katawan.
 - 5. Sa paghapak ng mga pinuno at mga awtoridad, hayagang ibinunyag sila ng Diyos, inilagay sila sa kahihyan at nanagumpay sa mga ito sa krus—b. 15.
- II. Ang kagalakang inilagak sa harap natin ay ang Panginoong Hesus, ang Kasintahang Lalaki, na darating para sa Kanyang kasintahang babae, na ginawang handa ang kanyang sarili—Apoc. 19:7-9:**
- A. Ang paggulang ng kasintahang babae—bb. 7-9; Efe. 4:13-15:
 - 1. Ang kahandaan ng sama-samang kasintahang babae ay nakasalalay sa paggulang sa buhay ng mga mandaraig—Apoc. 19:7; Heb. 6:1; Fil. 3:12-15; Efe. 4:13.
 - 2. Ang matransporma ay ang metabolikong mabago sa ating natural na buhay, samantalang ang gumulang ay ang mapunuan ng dibinong buhay na nagbabago sa atin—Heb. 6:1.
 - B. Ang pagtatayo ng kasintahang babae—Mat. 16:18; Efe. 2:21-22; 4:15-16:
 - 1. Ang pagtatayo ng Diyos ay ang kanaisan ng puso ng Diyos at ang gol ng pagliligtas ng Diyos—1:5; Exo. 25:8; cf. 1:11; 40:2-3, 34-35.
 - 2. Ang gol ng pagbabawi ng Panginoon ay ang bawiin si Kristo bilang buhay at lahat-lahat sa atin upang tayo ay maitayo—Efe. 3:8; 4:16.
 - 3. Ang pagtatayo ng Diyos ay ang sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—1 Tim. 3:15-16; Juan 17:22; Efe. 3:19b, 21.
 - C. Ang katuwiran ng kasintahang babae—Apoc. 19:7-9; Mat. 5:20; 22:11-13:

1. Bilang ating subhektibong katuwiran, si Kristo ay ang Isa na nananahan sa loob natin upang mabuhay para sa atin ng isang buhay na maaaring ariing matuwid ng Diyos at laging katanggap-tanggap sa Diyos—5:6, 20.
 2. Ang pamumuhay na matuwid kapwa sa Diyos at sa tao dapat ay ang Diyos bilang ating kahayagan sa ating pang-araw-araw na pamumuhay—2 Cor. 3:9; Efe. 4:24; Col. 3:10.
 3. Ang Kristong pinamuhay ng mga banal bilang kanilang subhektibong katuwiran ang nagiging kanilang damit pangkasal—Apoc. 19:8.
 4. Ang damit pangkasal sa Mateo 22:11-13 ay sumasagisag kay Kristo na ating ipinamumuhay at inihahayag sa pamamagitan natin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang ating lumalampas na katuwiran—5:20; Apoc. 3:4-5, 18.
- D. Ang kagandahan ng kasintahang babae—Efe. 5:25-27:
1. Bilang ang kasintahang babae, kailangan ng ekklesia ang kagandahan; ang kagandahan sa Efeso 5 ay para sa pagtatanghal ng kasintahang babae.
 2. Ang kagandahan ng kasintahang babae ay nagmumula kay Kristo na naisagawa tungo sa ekklesia at sa gayon ay naihahayag sa pamamagitan ng ekklesia—3:17a:
 - a. Ang tangi nating kagandahan ay ang pagniningning ni Kristo mula sa atin.
 - b. Ang hinahangahan ni Kristo sa loob natin ay ang kahayagan ng Kanyang sarili.
- E. Inihahayag ng Efeso 6 at Apocalipsis 19 na ang ekklesia bilang ang kasintahang babae ay dapat ding maging isang mandirigma upang talunin ang kaaway ng Diyos:
1. Ang espirituwal na digmaan ay isang bagay ng Katawan; tayo ay isang sama-samang hukbo na nakikipagdigma para sa interes ng Diyos sa lupa—17:14; 19:14; cf. 2 Tim. 2:4.
 2. Sa Efeso 5 ang salita para sa pagpapakain ay humahantong sa pagpapaganda ng kasintahang babae, subalit sa Efeso 6 ang salita ay para sa pagpatay na nagbibigay kakayahan sa ekklesia bilang ang sama-samang mandirigma upang sumagupa sa espirituwal na digmaan—bb. 17-18.
 3. Si Kristo ay darating bilang isang nakikipagbakang Heneral kasama ang Kanyang kasintahang babae bilang Kanyang hukbo upang makipagbaka laban kay Antikristo sa Armagedon—Apoc. 19:11-21.
 4. Ang damit pangkasal—si Kristong ipinamuhay natin bilang ating pang-araw-araw na katuwiran—ang nagkukuwalipika sa atin hindi lamang upang dumalo sa kasalan bagkus gayundin upang makasama sa hukbo upang makipagbakang kasama si Kristo laban kay Antikristo sa digmaan sa Armagedon—Mat. 22:11-12; Apoc. 19:7-8, 14.

III. “Ang kagalakan ni Jehovah ay inyong kalakasan”—Neh. 8:10c:

- A. Ayon sa Nehemias 8:10, ang kagalakan ng ating Panginoon ay ang ating kalakasan:
1. Hindi ito isang bagay ng ating pagkakaroon ng kalakasan; ang kalakasan Niya ang nagtataguyod sa atin—1 Tes. 5:16.
 2. Ang kagalakan ng Panginoon ay walang kinalaman sa ating mga sirkumstansya; Siya ay nagalak sa kalooban ng Diyos; mayroong kagalakan sa pagkaalam at paggawa ng kalooban ng Diyos.
 3. Huwag nating tangkaing kopyahin ang Panginoon bagkus tanggapin ang kagalakan ng Panginoon:
 - a. Maaari nating taglayin ang isang bagay ng Panginoon na maipamahagi sa atin.
 - b. Maaari nating taglayin ang kagalakan ng Panginoon; ang Kanyang kagalakan ang magiging kalakasan natin.

- B. Sa katapusan ng kanyang buhay ay sinabi ni Watchman Nee, sa gitna ng kanyang mga pagdurusa, “Napanatili ko ang aking kagalakan”—*Watchman Nee—a Seer of the Divine Revelation in the Present Age*, p. 182.
- C. *Napanatili ko ang aking kagalakan* ay nagpapahiwatig na isinasagawa niya ang salita ni apostol Pablo sa Filipos 4:4: “Magalak lagi sa Panginoon.”
- D. Sa pamamagitan ng awa at biyaya ng Diyos, nawa ay mapanatili nating tayong lahat ang ating kagalakan sa pamamagitan ng kagalakan ng Panginoon bilang ating kalakasan.